




Uhay

Opisyal na Pahayagan ng National Network
of Agrarian Reform Advocates - Youth (NNARA-Youth)

Hunyo 2017

EDITORIAL

Tutulan ang Martial law! Lutasin ang ugat ng krisis!

HINDI SOLUSYON ANG MARTIAL LAW –
dagdag lang ito sa problema.

Hindi mareresolba ng Martial Law ang mga panlipunang suliranin. Kaakibat ng lumalaganap na militarismo, magpapalala lang ito sa paghihirap at talamak na paglabag sa mga karapatang pantao ng mamamayan.

Sa loob ng isang buwan ng pagpapatay ni Duterte ng Martial Law sa buong Mindanao, nakababahala na ang patung-patong na insidente ng pagpatay, at daan-daang libong kaso ng sapilitang paglikas at dislokasyon ng mga sibilyan. Sa mga lugar labas sa Marawi ay nagkakaroon din ng agresibong operasyon ang pwersang militar – mayroon ding air strikes at pambobomba na tiyak na may kaakibat na mga paglabag sa karapatan.

Sa Compostela Valley, marahas na binaklas ng 100 sundalo ang welga ng mga manggagawa ng Shin Shun, isang kumpanya ng saging. Sa Maguindanao ay libu-libo ang napilitang lumikas dahil sa mga pambobomba ng militar. Sa Davao City, daan-daang naman ang ang hinuli



dahil lamang sa walang maipakitang ID. Ang mga aktibista at lider magsasaka ay naging biktima rin ng harassment sa mga checkpoint.

Ang krisis sa Marawi ay hindi lang simpleng kaso ng terorismo o krisis-militar. Nakaugat ang kaguluhan sa mga istorikal

na salik – sa kapalpakan ng gobyerno na tugunan ang mga makatarungang hinaing ng mamamayang Moro, at sa patuloy na kontrol at panghihimasok ng Amerika o imperyalistang US sa ating bansa.

►►► SUNDAN SA PAHINA 2

NILALAMAN

**YES^{to}
UNLIRICE!**

PAGLUBOG SA PAKIKIBAKANG MAGSASAKA SA

- San Jose del Monte, Bulacan
 - Hacienda Luisita
 - Lapanday

**FREE
EDUC**

MAGMARTSA KASAMA ANG MGA MAGSASAKA SA **SONA NI DUTERTE SA JULY 24!**





Tulad ng sa Mamasapano, nagsimula ang kaguluhan sa Marawi sa isang palpak na operasyon para dakpin ang isang lider-terorista, si Isnilon Hapilon, na may nakapatong sa ulo na milyong-dolyar na pabuya mula sa US. Sa pamamagitan ng paglusob at pangwawasak sa Islamikong lungsod ng Marawi, lalong pinapaypayan ng AFP ang Islamophobia at anti-Morong sentimyento sa hanay ng publiko.

Gayon na lang ang desperasyon ng gobyerno na patampukin ang “kabayanihan” ng mga sundalo sa labanang ito, sapagkat sila mismo ay naging biktima ng sariling “friendly fire” at kapalaluan, at humaharap sa mga reklamo ng abuso mula sa mga sibilyan.

Sa katunayan – lalong naging malalim ang pagkamuhi ng mamamayang Moro sa bulok na armadong pwersa ng estado. Dismayado ang marami sa rehimeng Duterte mismo, na kanilang sinuportahan sa pag-asang itataguyod nito ang kapayapaan at pagbabago sa Mindanao.

Pagpapasuko sa pakikibakang Moro

Bago ito, itinuloy ng rehimeng Duterte ang taktikang pagpapasuko sa pakikibakang Moro sa pamamagitan ng mapanlinlang na negosasyon. Hinahati nito ang mga Moro sa mga kolaborasyunista at mga ekstremista, habang iniipit ang mga patuloy na nagsusulong ng kanilang paglaya.

Subalit hangga’t hindi tapat na itinatataguyod ng gobyerno ang lehitimong karapatan ng mamamayang Moro para sa sariling-pagpapasya – para sa lupa, kabuhayan at iba pa – laging may susulpot na bagong grupo na magtatangkang isulong ang pakikibaka kahit pa sumuko o nakipagsabwatan na ang iba. Ito ang dahilan kung bakit inianak ng naunang grupong MNLF ang MILF, at nito lang, ang BIFF.

Ginagatungan ng imperyalistang US ang gulo. Pandaigdigang taktika nito ang opisyal na pagsuporta sa mga papet nitong rehimen at kolaborasyunista, kasabay ng palihim na pagpopondo, pag-aarmas, at pagsasanay sa mga grupong ekstremista.

Nagbubunga ito ng mga teroristang grupong gaya ng Al Qaeda at ISIS, at ang lokal na Abu Sayyaf sa Pilipinas.

Layunin ng US na itulak ang gobyerno at militar ng Pilipinas sa patuloy na pagsalig sa kanilang “tulong” at “gabay,” sa harap ng pagpaling ni Duterte sa mga karibal ng imperyalistang US – ang Tsina at Rusya. Lumang taktika na ito ng US para gipitin ang mga lider na tumatangging magpakatuta.

Ang krisis sa Marawi at mga kagaya nito ay mareresolba at maiiwasan sa sinserong pagkilala at pagtataguyod ng gobyerno sa mga karapatan ng mamamayang Moro, kasabay ng paggigiit sa isang tunay na nagsasariling patakarang panlabas laban sa panghihimasok ng US.

Militarismo

Hindi nalalayo ang krisis na ito sa kasalukuyang paglaganap ng militarismo sa buong bansa. Nagsimula ito sa “Gyera Kontra Droga” ng rehimeng Duterte. Sa halip na harapin ang mga panlipunang ugat ng suliranin, pinili ng gobyerno ang “matapang na solusyon” sa droga. Subalit anumang absolutong “solusyong militar” ay hindi solusyon sa anuman.

Libu-libong maralita na ang pinaslang – pero nananatili ang mga kriminal na sindikato sa loob at labas ng gobyerno, militar at pulisya na siyang nasa likod ng bentahan ng droga. Nanatili rin ang matinding kahirapan na nagtutulak sa karaniwang tao na kumapit sa droga at krimen.

Kahit wala pa ang Martial Law, malaon nang umiiral sa kanayunan ang paghaharing militar. Mga magsasaka ang kalakhang biktima ng utak-pulburang AFP. Kinaharap ng mga magsasaka ang

mas masahol na pananakot, pagpapalayas, ilegal na pag-aresto, at pamamaslang.

Nasa 64 magsasaka na ang pinaslang sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. Ipinagpatuloy ni Duterte ang madugong legasiya ng mga masaker sa Mendiola, Hacienda Luisita, at Kidapawan, dagdag pa ang militarisasyon sa kanayunan alinsunod sa all-out war at Oplan Kapayapaan.

Kinokondisyon ng Martial Law ang pagiging kimi at pasibo ng mamamayan, at ilusyon ng pagiging “ligtas” habang tusong pinagpaplanuhan kung paano papasok sa bansa ang panibagong dayuhang ayuda na may kaakibat na pandarambong – sa anyo ng mga dambuhalang proyekto, ekspansyon ng mga plantasyong agribusiness, at kumbersyon ng lupaing agrikultural tungong komersyal at industriyal, lalo na sa natitirang mga erya na ipinagtatanggol ng mamamayang Moro.

Sa gitna ng panunupil, higit lang na tataas ang militansya ng magsasakang Pilipino at iigting ang pakikibaka para sa lupa at katarungan sa buong bansa. Muling pinaliliyab ng mga magsasaka ang isang pambansang kampanya para baklasin ang mga asyenda at monopolyo sa lupa.

Kapalit ng malalawak na asyendang iilan ang nakikinabang, tinatataguyod ng mga magsasaka ang mga bungkalan at kolektibong pagsasaka. Nasimulan na ito mula Tarlac hanggang Tagum at inaasahang higit pang lalawak sa buong kapuluan.

Tunay na reporma sa lupa ang tutugon sa krisis ng malapyudal at malakolonyal na lipunan, hindi militaristang solusyon at imperyalistang panggagatong. Samahan natin ang mga magsasaka, manggagawa at mamamayan sa dakilang pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya!



Uhay PAMATNUGUTAN

LESTER GUETA | STEVEN BESANA | MARCO SILVANO | MIEKA OTANI

INILATHALA NG **NNARA-YOUTH** | Contact No: **09976021531**

#56 K-9th St., West Kamias, Quezon City, Philippines | nnarayouth@gmail.com

FREE EDUC



FREE EDUCATION NOW!

This 2017, the Filipino people continue to fall victim to commercialization of education despite government's "Free Tuition Policy" and allotment of Php 8.3 billion in public funds to the Commission on Higher Education (CHED), to make tuition and fees free to students in state colleges and universities (SUCs) this year.

Amid the approval of the Affordable Higher Education Act for SUCs across the country, tuition fees have increased in more than 1,000 private institutions. Filipino families stand witness to corruption and the failing implementation of the K to 12 Program, while education in various levels remains elusive to the poor.

Tracing those who can afford going to school, out of 100 Grade 1 students, only 43 can go to high school. Only 23 of these 43 would continue to college while only 14 can graduate.

Harsher still is the context of those who cannot enter schools and universities: 12.3 million Filipino youth aged 6-24 do not have access or cannot afford education. Many of these out-of-school youth are employed in hazardous work to augment their family income, 58% of which are in the agricultural sector. They are children of poor farmers and fisherfolk, themselves farmworkers toiling in haciendas and plantations of sugarcane, oil palm, and export-grade bananas and pineapple.

Even within the university, education is not oriented to solve problems of maldevelopment and poverty. So-called "reforms" in the General Education program of the University of the Philippines, along with the K to 12 program, and academic calendar shifts are patterns for other schools such as the Polytechnic University of the Philippines.



Youth peasants suffer the most from the commercialized, colonial, and fascist character of PH education

These programs gear students towards fulfilling the international demand for semi-skilled laborers – reducing subjects on history, culture and society, for other marketable courses. Students are taught to depend on foreign demand instead of pursuing genuine progress, a self-sustaining economy and rural development in the Philippine context. Commercialization and the colonial orientation of education are neoliberal attacks on Philippine education.

Repression and fascism are part of these neoliberal attacks. Peasant youth are most affected by militarization in the countryside – atrocities committed are connected to landgrabbing and land use conversion for mining, expansion of agribusiness plantations and big projects.

Recently, the public heard the clamor against peasant and lumad killings and the forced occupation and destruction of community schools by state forces and paramilitary elements. But we are also conditioned to see Martial Law and the mandatory ROTC as "normal."

Youth peasants suffer the most from

the commercialized, colonial and fascist character of education made worse by the onslaught of neoliberalism.

We must recognize that the majority of the youth belong to the peasant class – the children of poor farmers and fisherfolk, agricultural workers, and national minorities. Thus, we seek for genuine democracy and unity with our fellow youth in advancing free education for all, genuine land reform, and human rights.

Free land distribution to the tillers is the basis for national industrialization and economic progress. This will produce sufficient employment for the youth and the people within the country – as opposed to living up the colonial dream of progress through subservience to foreign needs.

Agrarian reform and rural development is in consonance with national, scientific and mass-oriented education. This will solve the cycle of extreme poverty and hunger endured by most of our Filipino youth. The fight for genuine land reform and free education for all are campaigns that the Filipino youth must advance.

Free land distribution to the tillers is the basis for national industrialization and economic progress -- this will produce sufficient employment for the youth and the people



HANA.....

MULA IKA-20 NG ABRIL HANGGANG IKA-11 NG MAYO AY NAGKAROON NG tatlong linggong imersyon sa San Jose Del Monte, Bulacan ang 14 estudyante mula sa klase ng Sosyolohiya 3-1 ng PUP upang makita at maranasan ang pamumuhay ng mga magsasaka.

Isa sa lugar na natuluyan namin, ang Sitio San Isidro o mas kilala sa tawag na Baryo Bisaya ay direktang tatamaan ng proyektong MRT-7. Ayon sa mga residente, bago pa man ang proyekto ay lagi't lagi na ang banta sa kanilang kabuhayan at kabahayan. Noon pa man ay pinapalayas sila kahit sila ang naghawan ng daan, nagpagal at nagpayaman sa lupang tigang.

Dahil ito raw ay pribadong pag-aari ng Pamilya Araneta – nariyang binubunot at sinusunog ang kanilang pananim. Bawal magpasok ng kagamitang pansaka at pangkumpuni ng kabahayan. Pinakamalala ang banta sa kanilang buhay. Iba't ibang porma ng pananakot ang dinanas ng mga mamamayan. Liban sa private army, may pwersang militar din mula sa 80th Infantry Battalion.

Ayon sa gobyerno, kaginhawaan sa transportasyon ang dulot ng MRT-7. Wala naman daw sinasakripisyong kabuhayan. Pero nakita namin na napakaraming tanim na saging, kamote, palay, mais, gulay at prutas. Isa ito sa pangunahing pinagkukunan ng mga pamilihan sa Bulacan. Libong residente na ang nakatira dito. Malaking bahagi ng 311 ektaryang lupain na ito ay gagawing depot o paradahan ng mga bagon ng MRT-7. Ang 96 ektarya ng LOT13a at 13b ay ginawa ng private residential area ng Colinas Verdes at hanggang ngayon ay tuluy-tuloy ang pangbubuldos sa lugar para sa MRT-7.

Nagkakahalaga ng P71 bilyon at pangunahing contractor ng napakalaking proyektong PPP na ito ang pinakamalaking panginoong maylupa sa bansa, ang San Miguel Corporation at si Danding Cojuangco. Kung tutuusin, iligal ang proyektong ito dahil walang Land Use Conversion order ang Department of Agrarian Reform para sa pagpapalit gamit ng lupa mula pansakahan tungong komersyal. Ginagawang pulubi ang mga magsasaka para sa karapatan sa lupa.

Walang silbi ang “kaginhawaan” kung sasagaan nito ang mga lumilikha ng pagkain ng bansa. Bilang estudyante, nakita namin ang kahirapan at pakikipaglaban para sa lupa ng Baryo Bisaya. Kaya naman nakikiisa kami sa laban. Hayaan ang mga magsasaka na mamuhay at magsaka nang mapayapa.

.....KATE.....

SA PAGSAMPA NAMIN SA komunidad ng Barangay San Isidro, mainit ang pagbati sa amin ng mga tao mula sa KMP-AMB at Anakpawis.

Sa loob ng barangay ay may mga organisasyon. Ito ay ang Pinagbuklod, Pinangkaisa at organisasyon ng mga Dumagat, ang Kamadulnai.

Talamak ang mga panginoong maylupa. Ang sakop ng Pinagbuklod ay kinukuha ng BSP at sa likod nito'y kinukuha ng Ayala at Araneta. Kinukuha naman ng Singson, Lopez at Villar ang lupa sa Pinangkaisa.

Pagkamkam din ang nangyayari sa lugar ng Kamadulnai.

Ang mga residente ay nakararanas ng harasment ng mga guwardiya, pagkakaso, pagpapakita ng mga huwad na titulo kahit na ang mga lupain ay tinuturing na public land. Sa dami ng blotter sa barangay, wala pang kahit anong aksyon ukol rito.

Nakilala din namin ang mga aktibong bata na tinuring kaming mga kapatid. Sa loob ng tatlong linggo, tinulungan naming organisahin ang kabataan.

Masasabi kong nakikita ng

mga kabataan ang sitwasyon ng kanilang barangay. Bilang kabataan, sila'y naghahanap ng mga bagay na makakatulong sa komunidad. Ang pag-oorganisa ay di biro.

Mahirap gawin ang pagkonsolida pagkatapos silang hikayating maging kasapi, pati na rin ang pagpapalano ng gawain. Naranasan at naramdaman ko ang hirap ng mga taong nagpupursiging magkaroon ng organisadong komunidad.

Mahirap isipin na balang araw ay kukunin ang lupa sa

kanila. Mahirap ang mamuhay sa palaisipan – sa lugar na punong-puno ng mga memorya ng pakikibaka, pagsulong at pag-atras ay di mawawala ang takot ng mamamayan. Takot na balang-araw ay mawala ang lahat ng ipinundar.

Ganito ang nararamdaman ng mga residente na naagawan ng lupa. Sa kabila nito, patuloy nilang isinusulong ang kanilang mga karapatan. Tumitindig. Nakikibaka. Sila'y lumalaban hindi para sa sarili. Buong pagkatao, komunidad at kina-bukasan ang ipinaglalaman nila.

San Jose del Monte, Bulacan

MGA TALA
MULA SA
PAKIKIPAMUHAY
SA MGA
MAGSASAKA

.....

TRISHA

MAHALAGA NA MAMULAT ANG LAHAT, KASAMA NA RIN ANG MGA kabataan, sa kung ano ang karapatan sa lupa. Kasama kaming mga estudyante na natuto at namulat sa mga hinaing ng mga magsasaka. Hangga't patuloy ang paggigiit ng mga magsasaka sa kanilang karapatan, hindi maaagaw ng malalaking panginoong maylupa ang lupain mula sa kanila. Patuloy ang paglaban ng mga magsasaka para sa lupa.



Pinangasiwaan ng NN
pakikipamuhay sa kor
mga estudyante ng S
University of

LIVE THEIR LIVE
Sumali sa
.....

NARA-Youth ang ilang linggong
munidad ng mga magsasaka ng
sobyolohiya mula sa Polytechnic
of the Philippines o PUP.

ES, JOIN THE STRUGGLE!
a NNARA-Youth!



..... **SAMMY**

KAHIT SINO SA'TIN AY GUSTO NG LUPA
para tirhan, pero iba ang isyu na
kinakaharap ng mga magsasaka.
Ang matagal na nilang tinitirhan
at binubungkal ay sinasabing
mayroon nang nagmamaya ari, ang
panginoong may lupa na Araneta
at Villar, at GoldenVille Realty
Development Corporation na
nagpapalayas, at nandadahas gamit
ang private army at militar.

Dahil sa ganitong mga kaso,
nagkaroon ng mga organisasyon
ang masa, ang Magsaka, Umaka,
at Pimaka na may iba't ibang
hinaing ngunit iisang hangarin.
Iyon ay ang karapatan sa lupang
sinasaka. Sa sama-samang pagkilos
laban sa mga mapang-aping mga
panginoong maylupa, kasama
nila ang Alyansa ng Magbubukid
sa Bulacan (AMB) at Kilusang
Magbubukid ng Pilipinas (KMP)
sa pag-asang magtatagumpay ang
uring anakpawis at maisakatuparan
ang karapatang pantao ng mga
magsasaka sa buong Pilipinas.

..... **DEMMIE**

NAGMULA AKO SA PUP AT NAG-
aaral ng kursong Sobyolohiya.
Mayroong isang paksa na
aming inaabangan pagdating
sa ikatlong taon ng aming
pag-aaral sa sobyolohiya. Ito
ay kung tawagin "Community
Organizing o Community
Immersion." Sa pagdating
namin sa Purok Sais, mainit
na agad ang pagsalubong at
pagbati ng mga tao sa barangay,
kasama na ang mga lider ng mga
organisasyong KMP-AMB. Ako
at ang kasama ko ay nakimuhay
sa Barangay Paradise III. Dito

umabot sa 4 hanggang 5 pamilya
ang aming natuluyan at ang
hawak naming organisasyon ay
apat ito ay ang SMB, SAMAPA,
SMIP at SIKHAY.

Una, bago ang karanasang
makipamuhay sa magsasaka.
Pangalawa, ang makasama sa
napakalaking mobilisasyon na
naganap noong Mayo 1 kasama
ang iba't ibang organisasyon na
nakikipaglaban sa karapatan.
Pangatlo, nakaranas ng
tinatawag na bungkalan --
magtanim ng saging sa lupain
na dapat ay sa mga magsasaka

nakalaan. Pang-apat, ang
napakahabang lakarin papunta
sa barangay at sa mga kasapi
sa organisasyon. Nakaranas
din ng takbuhan – kaya naman
ito tinawag na takbuhan dahil
ang kalsadang dadaanan ay
napakatarik kaya dapat takbuhin
para hindi gaanong mapagod.

Problema ng mga tao sa
komunidad ang pakikipaglaban
sa mga pamilya na nag-aangkin
ng lupa. Wika ng magsasaka:
"Ang mga magsasaka kaya
nananatili sa kanilang sakahan,
dahil sila ay nagkakaisa."

..... **JANNAH**

HINDI MAN PARE-PAREHO ANG SITWASYON NG MGA
magsasaka sa Barangay Kaybanban, iisa ang
ugat ng kanilang problema – ang lupa at mga
landgrabber. Sa panahong ito, halos pera na
lamang ang pinahahalagahan ng mga tao.

Anong pagkain pa kaya ang mabibili ng
pera kung walang magtanim dahil wala nang
lupang mapagtamnan? Marahil papasok sa isip
ng karamihan na mag-angkat. Kung galing pa sa
ibang nasyon ang pagkaing ating kokonsumihin
ay tiyak na mas mahal ang presyo nito.

Mga magsasaka na siyang nagbibigay ng
pangunahing pangangailangang pagkain pero

hindi pinapahalagahan? Gusto ng pantay-pantay
na karapatan ngunit karapatang magtanim ng mga
magsasaka ay hindi maibigay? Ganito ba ang
tinatawag na pag-unlad?

Sa mga balita at social media na umaasa ang
karamihan ngayon upang malaman ang mga bagay-
bagay.

Ngunit ang mga palabas na ito ay manipulado
ng iilang maimpluwensya upang ang balita
ay nakaayon sa kanilang interes. Kaya naman
napakalaking tulong ng pakikipamuhay sa mga
magsasaka. Kahit sa ilang araw lamang ay
malalaman ang tunay na kwento.

.....

MINSAN NA RIN AKONG NAKAKITA NG RALI NG MGA MAGSASAKA SA TUNGKO. BITBIT NILA ANG MGA PANAWAGANG
tutol sa mga proyekto ng malalaking negosyante, partikular ang MRT 7. Marami pa ang hindi nakakaalam
na sa likod ng proyektong ito, ang mga magsasaka ay mawawalan ng tirahan at kabuhayan.

Hindi nila alam na sa lupang pagtatayuan ng paradahan ng bagon ng tren, daan-daang pamilya
ang masasagasaan at mawawalan ng kabuhayan. Ano pa nga ba ang ikabubuhay ng mga magsasakang
nakatira sa San Isidro kapag nagpatuloy ang pagtatayo ng MRT 7? Ang Sityo San Isidro na mas kilala sa
tawag na Baryo Bisaya ay may lawak na 311 ektarya. Ito ang pinaka-maapektuhan sa oras na magsimula
ang pagpapatayo ng paradahan ng bagon. Sa kasalukuyan, ilan sa mga bahagi nito ay naging parte na ng
Colinas Verdes. Iilan na lang ang natitirang lupa na maaaring sakahin ng mahigit isang libong residente.
Ang pangunahing produkto nila ay saging, kamote at kamoteng kahoy. Nariyan pa ang presensya ng 80th
Infantry Battalion na nakabantay sa Sityo. Ang mga sundalong ito ay naninira ng pananim. Nawawala rin
ang kalayaan ng mga residente na magpulong dahil dinadaluhan ito ng sarhento.

Hindi nila alam na sa patuloy na pangangamkam ng lupa ng mga malalaking negosyante ay patuloy
din ang pandarahas na naranasan ng mga residente ng Sityo Dalandanan. Taong 2008 nang aprubahan
ang proyekto ng MRT 7. Taong 2008 din nang makaranas ng pandarahas ang 16 pamilyang residente
ng sityo. Sa parehong taon din nakatanggap ng notice ang lahat ng residente dito: kailangan daw nilang
lumayas sa loob ng 15 araw. Sa kasalukuyan, wala pang residenteng umaalis. Patuloy ang paninindigan
ng mga residente para sa lupang sinasaka at tirahan. Hindi rin nila alam na malaking bahagi ng lupa ang
kinakamkam ng mga Araneta.

Hindi nila alam, lalo na ng mga panginoong may lupa, na sa bawat proyektong kanilang tinatayo
ay may mga komunidad na masisira. Hindi nila kailanman naisip ang kinabukasan ng mga kabataan na
naninirahan sa winasak nilang mga komunidad. Maswerte kami at naranasan naming mabuo ang samahan
ng mga kabataan na alam naming magpapatuloy sa laban ng kanilang mga magulang na magsasaka.

..... **ELAIJAH**



For Filipino farmers, it is a signal fire, the spark from which flames of protest burst forth. Over the coming months, thousands of long-silenced farmers from Luzon, Visayas, & Mindanao are expected to stage similar actions to break the monopoly control of despotic landlords and giant agribusinesses

#OccupyLuisita

SIGNAL FIRE FOR DISMANTLING HACIENDAS IN PH

LAST APRIL 24, HACIENDA LUISITA FARMERS and their supporters tore down walls surrounding a 500-hectare area grabbed by commercial bank RCBC. It was in commemoration of the fifth anniversary of the Supreme Court decision ordering the distribution of Luisita to its tillers.

Five years since, Luisita farmers still do not control the lands which are rightfully theirs. The Cojuangco-Aquinos cling on to Luisita through deceptive and repressive schemes. They have even enlisted the assistance of fellow hacenderos, the despotic Lorenzos of Lapanday Corporation. Banded together, they take advantage of the farmers' poverty and ensnare them into bottomless debt traps, dazzling venture-agreements and aryendo schemes, while harassing dissenters – characteristic of the bullies and scammers that they truly are.

Putting the farmers' condition into proper context however, requires us to recall not just the past five years. We cannot forget the 12 years of injustice since the Luisita Massacre of 2004. Also, less known but also relevant, the 50 years of violation of the terms of Jose Cojuangco Sr.'s loan

agreement since its termination in 1967. This ten-year government loan is what allowed their family to acquire Luisita in the first place. They have since colluded with other oligarchs in various maneuvers to retain control of the hacienda.

Considering the bigger picture still, Filipino farmers have suffered hacendero-rule ever since Spaniards imposed the hacienda system upon us. In the course of more than two centuries, local counterparts of the colonizers have emerged and persisted, practically preserving feudal land monopoly. Put this way, hacenderos like the Cojuangco-Aquinos are revealed to be the true freeloading leeches.

The Filipino people, composed mostly of farmers, never really had a break from the ravages of feudalism. As such, the sympathetic reaction of the public and the so-called netizens to #OccupyLuisita is not at all surprising.

The end of the hacienda system is near. 2017 marks the year when Filipino farmers, not just from Luisita, escalate their militancy in asserting their right to the lands they till. Although its makings have been present since the spark for a national

democratic revolution was rekindled in the 1960s, this year is square one of the campaign to dismantle these haciendas and #OccupyLuisita is its warning shot aimed at hacenderos.

For the Filipino farmers, it is a signal fire, the spark from which flames of protest burst forth. Over the coming months, tens of thousands of long-silenced farmers from Luzon, Visayas, and Mindanao could be expected to stage similar actions aiming to dismantle haciendas and other vast landholdings under the monopoly control of landlords and giant agribusinesses.

Let hacenderos tremble in fear at the sight of multitudes of farmers, the ones they exploited and oppressed for centuries, now wielding their invincible unity against the olden rule of feudal lords!

As for the common Filipino, we should rejoice with and support our fellow farmers in this campaign. Their liberation from hacendero rule shall lead to the development of our domestic agriculture. Which then shall provide jobs in rural areas and pave the way towards our economic independence from bullying imperialist nations. 🌿

SUMAMA SA MGA PAGKILOS SA SONA NI DUTERTE!

- | | |
|----------|---|
| HULYO 15 | Simula ng kampuhan ng mga magsasaka ng Buffalo, Tamaraw, Limus (BTL) galing sa CMU, Bukidnon. Sa harap ng DAR Office, Elliptical Road, QC |
| HULYO 23 | STATE OF THE PEASANTS ADDRESS, Street Conference, 2:00 to 5:00 pm
BATARISAN Solidarity Night, 7:00 pm, DAR, QC |
| HULYO 24 | MARTSA NG MGA MAGSASAKA SA SONA NI DUTERTE
Mula 5:00 am, galing sa DAR hanggang Batasan |



COMMENTARY



Lapanday amplifies AVA evil

IN ITS PRESS STATEMENTS, LAPANDAY FURTHER shows its utter disregard for farmers' rights. Lapanday's tact in justifying its actions relative to the land dispute in Madaum, Tagum City only amplifies the evil of "non-land transfer" land reform schemes like Agribusiness Venture Agreements (AVAs).

Lapanday does not even recognize the Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. (MARBAI), a splinter cooperative of the original HEARBCO-1 cooperative but nonetheless a distinct and legitimate organization of 159 farmworker-beneficiaries (FWBs) actively asserting its freedom from any AVA with Lapanday.

Lapanday practically violates the rights of FWBs by acting against the farmers' reasonable demand to gain full control of agricultural production.

In effect, Lapanday tries to erase the damages they inflicted to farmers: depriving them of livelihood by prohibiting entry to their lands since 2011 and harassing them through armed goons (e.g. inflicting gunshot wounds on several individuals, displacing hundreds) – on top of tying them into an onerous contract for decades.

Lapanday presents HEARBCO-1 as wholly in praise of their AVA when in fact, HEARBCO-1 already petitioned the Presidential Agrarian Reform Council (PARC) to revoke the said agreement. Additionally, in a dialog between Department of Agrarian Reform (DAR) and MARBAI last February 1, the HEARBCO-1 chairperson himself, Guillermo Tuyor, affirmed that they recognize MARBAI's rights to cultivate the involved land area.

Lapanday outrightly lies about the presence and activities of its goons. In fact, the March 7 congressional hearing mentioned by Lapanday was done on the basis of House resolutions by Cong. Ariel Casilao of Anakpawis and House Speaker Alvarez, both calling for an investigation of the December 2016 shooting and wounding of MARBAI farmers and supporters by

Lapanday guards. In that hearing, Speaker Alvarez "asked DAR to enforce its cease and desist order against Lapanday," an order that Lapanday later claimed to be illegal. The Court of Appeals has also denied Lapanday's request for a temporary restraining order against DAR's installation of MARBAI farmers. More recently, even the Ombudsman has junked for lack of merit, Lapanday's graft complaint against DAR secretary Rafael Mariano.

Lapanday is alone in insisting its supposed legal claim over farmers' lands. Moreover, Lapanday claims to be one of – if not the best of AVA contractors. If true, this reveals just how damaging these agreements can be for farmers. Lapanday's AVA with HEARBCO-1 did the following, among others:

1. Gave Lapanday control of the land and the crops to be planted thereupon.

2. Limited the market of FWBs' products solely to Lapanday. Pinned the buying price at 2.10 USD per 13kg for more than a decade, even after significant increases in production costs, and despite an agreed price review every two years.

3. Made FWBs responsible for all losses in production. Bananas rejected by Lapanday's foreign buyers are replaced at cost by FWBs. HEARBCO-1 was buried deep into a P800 million debt by 2017.

4. Enabled Lapanday to takeover operations if in its "opinion," the "success of crop is endangered." This is what Lapanday used to justify its 2008 "takeover."

With AVAs, beneficiaries are recognized as "landowners" only in name. If these contracts are the best deals farmers can get as Lapanday asserts, we can only imagine worse conditions other farmers suffer under these evil AVAs. 

DAPAT BAWIIN PATATAG PASAKALYE: G-D-Em

I.
Em
Tinatanong ko ngayon sa'yo
Kung hindi mo ba naiisip
G D Em
Na ang lupang ito'y sa atin at hindi sa lalong mayro'n

Koro:
D Em D Em
Dapat bawiin, ang lupang 'to'y sa atin, sa'yo at sa kanya
D G-D-Em
Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose
(Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose)

II.
Tinatanong ko ngayon sa'yo kung hindi mo ba naiisip
Na ang lupang ito'y nilinang natin sa ating mga kamay

ULITIN ANG KORO

III.
Ikaw ba'y nababahala sa awitin kong ito
Ikaw ba'y panginoong may lupa o may ari ng Pilipinas

ULITIN ANG KORO, ULITIN ANG I. AT KORO

KULTURA

ACHIEVE UNLI-RICE FOR PH!

STOP UNLI-LAND CONVERSION AND UNLI-RICE IMPORTATION!

SENATOR CYNTHIA VILLAR — WITH HER June 14 comments that unli-rice promos should be banned to improve the health of Filipinos and the country's rice sufficiency — was lucky she had only to face the online scorn of netizens. Villar is actually arguing that Filipinos simply consume too much rice, exposing themselves to sickness (particularly diabetes) and draining the country's rice supply.

Keep in mind however that unli-rice promos cost around Php 100, a single meal amount that most Filipinos simply cannot afford. According to government data, at least 1 in every 5 Filipinos or more than 21 million individuals, earn less than Php 60 a day! Sacadas or cane cutters in Hacienda Luisita, for example, still receive as low as Php 9 for a day's work.

Food insecurity deprives Filipinos of rice and other food, causing widespread hunger and under/malnutrition. Poor health then leads to all sorts of physical vulnerabilities — add to that the limited scope and poor quality of health service.

The insufficiency of rice and food is rooted in backward technology and relations in Philippine agricultural production. Along with the prevalence of centuries-old hand tools such as sickles and hoes, haciendas and other estates reminiscent of 17th century conditions are still rampant. Schemes such as the expansion of export crop plantations, and conversion of productive agricultural lands into commercial establishments, only aggravate the country's semi-feudal economic set-up. Many subdivisions, for example, including those reportedly owned by the Villars themselves, are built over productive rice fields.

Things are further worsened by the self-defeating government policy of importation of staple food such as rice. To address food security issues, the government has relied not on improving domestic food production, but on consistently increasing food importation. Hence we dwell in the

absurdity of an import-dependent and export-oriented economy. We strive to sell non-basic products (e.g. banana and coconuts) to other countries in the foolish hopes of making enough money for us to be able, in turn, to buy our primary necessities (from food to machines) from other countries. Such a roundabout "solution" just worsens the problem — add to that the problem of smuggling.

The Department of Agriculture (DA) has repeatedly proclaimed that it will retain limits to the amount of imported rice, called quantitative restrictions or QRs. These moves are positive for the meantime, but ultimately insufficient.

Removing QRs on rice shall open the gates for an unlimited influx of foreign rice into our market, killing whatever is left of our domestic rice industry. Clearly, having QRs in place is better than having none at all. However, QRs themselves are part of neoliberal economics contained in World Trade Organization's (WTO) lopsided Agreement on Agriculture (AoA).

Under the WTO-AoA, QRs on basic goods of participating countries are removed gradually. Under WTO, the removal of import restrictions is not a question of 'if' but of 'when.' June 30 is the

Philippines' supposed deadline for the rice QR — and government has been repeatedly pressured to plead for extensions, while WTO member-countries are also putting the heat on to finally lift this QR.

Such extensions, however, obligate us to provide other trade concessions, which ultimately involve raising other import quotas. Hence, under WTO, the influx of more imported products, however disastrous to the economy, is not a question of "if" but of "how much."

WTO does not recognize the need for food self-sufficiency and actively compels small countries to be even more dependent on imperialist powers. The radical thing that has to be done then is for the Philippines to break free from these lopsided trade agreements and junk WTO. For the country to achieve "unli-rice" for all Filipinos, we must embark on genuine land reform and national industrialization.

Villar and the Senate Committee on Agriculture and Food should instead push for a genuine land reform policy to counter the unlimited conversion of rice fields and importation of rice, break land monopoly and redistribute lands for free, and provide ample support services to our tillers and rice producers.



Like **NNARA-Youth** on Facebook. Follow **@nnarayouth** on Twitter.

